


Ang Seattle Rescue Plan ay kung papaano namumuhunan ang Lungsod ng pederal na pagpopondo para matulungan ang ating lungsod na makabangon mula sa mga epekto sa kalusugan at ekonomiya ng pandemyang COVID-19. Nagsagawa ang Seattle ng mga pampublikong pagdidinig at mga talakayan upang makilala ang limang lugar na prioridad para sa pagpopondo:

- Pabahay & Kawalan ng Tirahan (\$100.5 milyon)
- Mga Serbisyong Kagalingan & Muling Pagbubukas (\$67 milyon)
- Pagbawi ng Residente at Maliliit na Negosyo (\$51 milyon)
- Kaligtasan & Kalusugan ng Pag-iisip (\$5.4 milyon)
- Pagsuporta sa mga Manggagawa & mga Serbisyo ng Lungsod (\$78.1 milyon)

Mga Pondo ng Seattle Rescue Plan ayon sa Prioridad na Lugar Kabuuang: \$301.9 milyon



2022 - 2023 Mga Mahahalagang Pagganap

- Nakipagsosyo sa higit sa 350 mga organisasyong pangkomunidad at mga non-profit
- Nagdulot ng mga serbisyo sa mahigit 3,700 maliliit na mga negosyo at mga gawad sa mahigit 50 mga asosasyon ng negosyo
- Sinuportahan ang mahigit 4,600 mga artista at mga manggagawang pangkultura
- Sinuportahan ang mga pampublikong kaganapan na umakit ng higit sa 700,000 mga dumalo
- Bumili ng apat na mga gusali na mag-aalok ng 411 bagong abot-kayang mga pabahay
- Sinuportahan ang mahigit 1,000,000 mga pagbibisita sa food bank at mahigit sa 300,000 na mga pakain
- Nagbigay ng libreng pangangalaga sa mga bata para sa 690 mga bata at ginawaran ng pondo para sa mga proyektong magdudulot ng serbisyong pangangalaga ng bata para sa karagdagang 311 mga bata



Pabahay & Kawalan ng Tirahan (\$100.5 milyon)

Layunin: Ang mga residente ay may access sa ligtas, abot-kaya, at matatag na mga opsyon sa pabahay pati na rin sa mga mapagkukunan ng emehensiyang pamamahay.

Mga Halimbawa: Pagsisilungan at pakikipag-abot para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan; Mabilis na Muling Pamamahay; emerhensiyang tulong sa pagre-renta; mga serbisyong pang-dibersyon sa mga kawalan ng tirahan; bumili ng 4 na gusaling apartment para sa abot-kayang pabahay



Mga Serbisyong Kagalingan & Muling Pagbubukas (\$67 milyon)

Layunin: Maaaring matugon ng mga pamilyang may mabababang kita at kulang sa mga mapagkukunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan gaya ng pagkain at pabahay, at masiyahan ng ligtas sa panlabas at pampublikong mga espasyo para sa libangan at pinabuting kalusugan.

Mga Halimbawa: Karagdangang bayad para sa manggagawa ng pangangalaga ng bata upang masuportahan ang pag-kuha ng mga magtatrabaho at pagpapanitili nito; mga pasilidad sa pangangalaga ng bata at mga scholarship; direktang pangtulong na salapi para sa mga residenteng mababang-kita; mga pagkaing pangkomunidad; at pagpapanatili ng oras ng mga silid-aklatan



Pagbawi ng Residente at Maliliit na Negosyo (\$51 milyon)

Layunin: Mga tao at maliliit na mga negosyo ay maa-access ang tulong na makabangon sa ekonomiya dulot ng epekto ng COVID-19.

Mga Halimbawa: Mga pagsasanay sa trabaho at mga serbisyo sa pagtatrabaho para sa mga manggagawang wala at kulang ang trabaho; direktang tulong na salapi para sa mga maliliit na negosyo; suporta sa mga organisasyong pang-sining at kultura upang ligtas ang muling pag-bukas at pag-kuha ng mga tauhan; mga permiso sa right-of-way para sa panlabas na kainan at bentahan; pagtanggap ng basura at graffiti



Kaligtasan & Kalusugan ng Pag-iisip (\$5.4 milyon)

Layunin: Maaaring ma-access ng mga taong di-proporsyonal na naapektuhan ng pandemyang COVID-19 ang mga serbisyong kalusugan ng pag-uugali at ng isip, at pag-iiwas ng karahasan at suporta sa pag-interbensyon.

Mga Halimbawa: Mga serbisyo sa pagtugon sa karahasan batay sa kasarian; mga pamumuhunan sa kalusugan ng pag-uugali at pag-iisip para sa mga kabataan at ang kanilang mga pamilya; palawakin ang mga serbisyong nakakalibot para sa pangkaisipang kalusugan



Pagsuporta sa mga Manggagawa & mga Serbisyo ng Lungsod (\$78.1 milyon)

Layunin: Ang Lungsod ng Seattle ay nasangkapan upang ipagpatuloy ang mga personal na serbisyo nang ligtas sa bagong kapaligiran matapos ang pandemya at may mga mapagkukunan upang pamahalaan ang mga pondong pagbabawi at mga pagsisikap ng epektibo at maayos.

Mga Halimbawa: mga gastusin sa suweldo ng mga unang tumugon sa Seattle Fire Department; sistema ng pag-bigay beripikasyon ng bakuna sa COVID ng empleyado ng lungsod; pamumuhunan sa pasilidad at teknolohiya upang suportahan ang pagbabalik sa opisina at ang pagtrabaho sa malayo